



Mahahalagang Pagbabago

Mayroon kaming ilang mahahalagang update na ipapakita sa iyo. Wala sa iyong naka-print na Handbook ng Miyembro ang mga update na ito, kaya pakitabi ang insert na ito bilang paalala.

Ang mga pagbabago ay ang mga sumusunod:

- Sa ilalim ng seksyong “Iba Pang Tanggapan ng ‘Ohana” sa **pahina 10** para sa “‘Ohana Health Plan – Big Island Office”, ang address ay ginawang:
 - **‘Ohana Health Plan-Big Island Office**
88 Kanoelehua Ave. Suite A105
Hilo, HI 96720
- Sa seksyong “Mga Karapatan ng Miyembro” sa **pahina 53**, ang sumusunod ay ang update na ginawa namin:
 - Makakuha ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at responsibilidad alinsunod sa 42 CFR §§ 438.100.

Mayroon din kaming bagong pagbabago:

Mga Bagong Paraan Upang Pamahalaan ang Iyong Mga Digital na Rekord sa Kalusugan

Noong Hulyo 1, 2021, nagkaroon ng bisa ang isang bagong pederal na panuntunan na tinatawag na Interoperability and Patient Access Rule (CMS 9115 F). Pinapadali ng panuntunang ito para sa mga miyembro na makuha ang kanilang mga rekord sa kalusugan kung kailan nila ito pinakakailangan.

Ganap mo nang maa-access ang iyong mga rekord sa kalusugan sa iyong mobile device, tulad ng iyong smartphone. Nagbibigay-daan ito sa iyong mapangasiwaan nang mas mabuti ang iyong kalusugan at malaman kung anong mga resource ang magagamit mo.

Ipagpalagay na...

- Pumunta ka sa bagong provider dahil masama ang pakiramdam mo, at makukuha ng provider na iyon ang kasaysayan ng iyong kalusugan sa nakalipas na limang taon
- Gumagamit ka ng updated na direktoryo ng provider upang maghanap ng provider o espesyalista
- Mayroon kang access sa kasaysayan ng iyong kalusugan upang mabilis kang ma-diagnose ng isang provider o espesyalista, at matityak niyang makukuha mo ang pinakamahusay na pangangalaga

- Makikita mo kung nabayaran, tinanggihan, o ipinoproceso pa ang iyong claim mula mismo sa iyong computer
- Madadala mo ang kasaysayan mo sa kalusugan kung at kapag magpapalit ka ng plano*

* Sa 2022, masisimulang hilingin ng mga miyembro na ilipat kasama nila ang kanilang mga rekord sa kalusugan kung magpapalit sila ng planong pangkalusugan.

Dagdag pa rito, pinapadali ng bagong panuntunan na maghanap ng impormasyon tungkol sa:**

- Mga claim (nabayaran at tinanggihan)
- Mga partikular na bahagi ng iyong klinikal na impormasyon
- Saklaw sa gamot sa parmasya
- Mga provider ng pangangalagang pangkalusugan

***Makakakuha ka ng impormasyon para sa mga petsa ng serbisyo na mula Enero 1, 2016 o pagkalipas nito.*

Para sa higit pang impormasyon, pakibisita ang iyong online na account ng miyembro.

Kung may mga tanong ka, tawagan lang ang Serbisyo sa Kostumer nang toll-free sa **1-866-401-7540** (TTY **711**). Matatawagan kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Maaari mo rin kaming bisitahin sa **www.ohanahealthplan.com**.